

ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH

Mga Subacute na Serbisyo para sa Mga Miyembro ng Medi-Cal Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs) ng Miyembro

Pangkalahatang-ideya

Simula sa Lunes, Enero 1, 2024, sasaklawin ng Alameda Alliance for Health (Alliance) ang mga subacute na serbisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal.

T: Kailan ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabagong ito?

S: Lunes, Enero 1, 2024.

T: Ano ang mga subacute na serbisyo?

S: Ang pang-nasa hustong gulang na subacute na pangangalaga ay ang antas ng pangangalaga na kinakailangan ng isang pasyente na hindi nangangailangan ng acute na pangangalaga sa ospital pero nangangailangan ng mas lubusang lisensyadong sanay na pag-aalaga kaysa sa ibinibigay sa karamihan ng mga pasyente sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga.

Ang pediatric na subacute na pangangalaga ay ang antas ng pangangalaga na kinakailangan ng isang taong wala pang 21 taong gulang na gumagamit ng medikal na teknolohiya bilang tugon sa pagkawala ng isang mahalagang function ng katawan. Kinakailangan ng mga subacute na pasyente ng espesyal na medikal na kagamitan, mga supply, at paggamot gaya ng mga ventilator, tracheostomy, pangkalahatang parenteral na nutrisyon, pagpapakain gamit ang tubo, at kumplikadong pangangalaga ng sugat.

T: Anong mga serbisyo ang matatanggap ko sa subacute na pasilidad?

S: Puwedeng kasama sa mga serbisyon ibinibigay sa isang nursing home ang:

- Bed and board (mga pang-araw-araw na pagkain)
- Ilang partikular na matibay na medikal na kagamitan (durable medical equipment, DME)
- Gamot na inireseta ng iyong doktor
- Pag-aalaga
- Physical, speech, at occupational therapy
- Therapy sa baga
- X-ray at pagsusuri sa laboratoryo kung kinakailangan

T: Sino ang kwalipikado para sa subacute na antas ng pangangalaga?

S: Para sa mga pang-nasa hustong gulang o pediatric na subacute na programa, posible kang magkwalipika kung mayroon kang tracheostomy na may mechanical na bentilasyon o mist na may room air/oxygen na may suctioning at iba pang paggamot.

T: Paano ko malalaman kung kwalipikado akong makatanggap ng mga subacute na serbisyo?

S: Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga subacute na serbisyo, tumawag sa:

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance

Lunes – Biyernes mula 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY):
711/1.800.735.2929

T: Paano ako maaaprubahan para sa mga subacute na serbisyo?

S: Magpapadala ng kahilingan ang iyong doktor sa Alliance. Kung kwalipikado ka, aaprubahan ng Alliance ang kahilingan at makikipagtulungan sila sa iyong team ng pangangalaga na maghanap ng lugar para sa iyo sa isang subacute na pasilidad.

T: Gaano katagal akong mananatili sa isang subacute na pasilidad?

S: Kapag naaprubahan ka para sa isang subacute na pasilidad, sasabihin sa iyo kung kailan matatapos ang pag-aprubaang iyon. Kung kailangan mo pa rin ng pangangalaga sa isang subacute na pasilidad pagkalipas ng panahong iyon, puwedeng hilingin ng iyong doktor na palawigin ang panahon.

T: Paano kung nakatira na ako sa isang subacute na pasilidad pero wala ang pasilidad sa network ng Alliance?

S: Kung nakatira ka ngayon sa isang subacute na pasilidad, puwede kang manatili sa kasalukuyan mong nursing home nang hanggang isang (1) taon, kahit wala ang pasilidad sa network ng Alliance.

T: Kakailanganin ko bang lumipat sa isang bagong subacute na pasilidad pagkatapos ng isang (1) taong pagpapatuloy ng pangangalaga?

S: Pagkalipas ng isang (1) taon, puwede kang humiling ng 12 pang buwan na pagpapatuloy ng pangangalaga para magawa mong manatili sa kasalukuyan mong subacute na pasilidad.

T: Ano ang mangyayari kung wala pa akong 21 at nakatira ako sa isang pediatric na subacute na pasilidad? Kakailanganin ko bang mag-transition sa isang pang-nasa hustong gulang na pasilidad o manatili na lang sa kinaroroonan ko?

S: Hihinto ang pag-apruba para sa mga pediatric na subacute na serbisyo sa edad na 21 taon. Ang pagpaplanong lumipat sa isang pang-nasa hustong gulang na pasilidad ay dapat magsimula hindi bababa sa dalawang (2) buwan bago ka maging 21. Ikaw at ang staff sa pasilidad ay tutulungan namin sa pag-discharge o paglipat.

T: Puwede ba akong panandaliang umalis sa pasilidad?

S: Puwedeng humiling ang iyong pasilidad ng Leave of Absence para sa pag-apruba ng Alliance. Puwede kang lumabas sa subacute na pasilidad nang hanggang 18 araw bawat taon ng kalendaryo.

T: Kung pupunta ako sa ospital, ibibigay ba ang kama ko sa ibang tao?

S: Babayaran ng Alliance ang iyong pasilidad para i-hold ang kama mo kapag panandalian kang nanatili sa ospital o isang Nursing Home

T: Ano ang mangyayari kapag, sa panahon ng pananatili ko, bumuti ang aking kundisyon at hindi na ako makatugon sa mga kinakailangan para sa subacute na antas ng pangangalaga?

S: Kung hindi ka na makakatugon sa mga pamantayan sa panahon ng iyong pananatili, puwede kang payagang manatili nang mas matagal para mabigyan ka ng panahong umuwi sa bahay o sa ibang lugar nang ligtas.

T: Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa isang pasya sa aking pangangalaga?

S: Makakatanggap ka ng liham ng pasya. Tinatawag itong liham ng Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, NOA). Magagawa mo (o ng iyong doktor, nursing home, o awtorisadong kinatawan) na iapela ang pasya.

T: Paano ako makakapagsumite ng apela?

S: Puwede kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o online sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng liham ng NOA.

Sa pamamagitan ng telepono: Tawagan kami at ihanda ang iyong ID card bilang miyembro ng Alliance:

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance

Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY):
711/1.800.735.2929

Sa pamamagitan ng koreo: Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa numero sa itaas at hilinging padalhan ka ng form. Kapag nakuha mo na ang form, pakisagutan ito. Tiyaking isasama mo ang iyong pangalan, ID number bilang miyembro ng Alliance, at ang serbisyong inaapela mo.

Ipadala ang form sa:

Alameda Alliance for Health

ATTN: Alliance Grievance and Appeals Department

1240 South Loop Road

Alameda, CA 94502

Makakakuha sa tanggapan ng iyong doktor ng mga form para sa apela.

Online: Bisitahin ang website ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org**

T: Paano magsumite ng reklamo o alalahanin?

S: Magagawa mo, o ng isang taong kumakatawan sa iyo, na maghain ng reklamo (karaingan) sa pamamagitan ng pagtawag sa:

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance

Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY):
711/1.800.735.2929

T: Gaano katagal bago ako makatanggap ng sagot sa aking reklamo o apela?

S: Itinuturing na nangangailangan ng agarang atensyon o routine ang mga reklamong nauugnay sa iyong pangangalaga.

- Kung nangangailangan ito ng agarang atensyon, makatanggap ka ng sagot sa loob ng 72 oras.
- Kung routine ito, makatanggap ka ng sagot sa loob ng 30 araw ng kalendaryo.
- Ang mga reklamong nauugnay sa pagpoproseso para sa pangangasiwa, kontrata, o mga claim ay hindi itinuturing na nangangailangan ng agarang atensyon at lulutasin sa loob ng 30 araw ng negosyo mula sa petsa kung kailan natanggap ang kahilingan.

T: Makatanggap ba ako ng bill kapag inaprubahan ng Alliance ang pananatili ko sa isang subacute na pasilidad?

S: Hindi kailangan ng mga miyembro ng Alliance na may Medi-Cal na bayaran ang mga sinasaklaw na serbisyo. Puwede kang makatanggap ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o statement mula sa isang provider. Hindi bill ang mga ito.

